Plano ng King County Para sa Pagpapabuti ng Kalusugan ng Komunidad

Ang King County 2025-2030 Community Health Improvement Plan (CHIP) ay isang proyekto ng pakikipagtulungan at pinagsama-samang pagsisikap ng higit sa 90 na mga organisasyon sa buong King County. Ang pagiging magkakatuwang ng iba't ibang sektor ang pundasyon ng aming layuning palakasin ang mga pagsisikap, iwasan ang mga kalabisan, at hikayatin ang magkakaibang pananaw. Ang King County CHIP ay isang planong binuo katuwang ang komunidad na may layuning patuloy na hikayatin ang pakikipagtulungan ng mga kasosyo para sama-sama nating mapabuti ang kalusugan ng mga komunidad sa King County.

Gumagamit ang CHIP ng mga datos upang suportahan ang mga aksyon sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga datos ng katangian at sukat, mga impormasyon, at mga prayoridad na tinukoy ng komunidad sa 2024/2025 Community Health Needs Assessment (Pagsusuri sa mga Pangangailangang Pangkalusugan ng Komunidad) o CHNA. Bilang karagdagan, ang CHIP ay binigyang-alam ng higit sa 55 na napapanahong mga ulat mula sa komunidad at mga organisasyon. Tinukoy ng CHNA ang mga kondisyong panlipunan at pangkalusugan na nagpakita ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ayon sa kapitbahayan, kita, nakamit na edukasyon, at lahi [may higit pa sa Community Health Indicators (Mga Tagapahiwatig ng Kalusugan ng Komunidad)]. Ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan ay hinubog ng mga salik sa lipunan na nakakaapekto sa kalusugan ng komunidad, tulad ng sistematikong rasismo. Sa pamamagitan ng tulung-tulong at intensyonal na proseso, ginawang prayoridad ng mga kinatawan ng mga lokal na organisasyon ang **pabahay at kawalan ng tirahan** at **kita at trabaho** para sa 2025-2030 CHIP. Kasunod nito ay nagtulungan ang mga kinatawang bumuo ng mga layunin, aksyon, at panukat ng pagsulong sa limang-taong plano.

Higit pa sa pagiging isang kolektibong aksyon at estratehiya, kinakatawan ng CHIP ang pagkakataong mabigyan ng boses ang komunidad sa mga indibidwal na desisyon ng mga organisasyon sa pamamagitan ng pagsama sa mga prayoridad, layunin, at aksyon sa mga estratehiya ng mga organisasyon. Kung magkakatuwang tayo, kaya nating magdulot ng makabuluhang pagbabago at magsulong ng ating layuning gawing pantay-pantay ang kalusugan. Hinihikayat namin kayong ibahagi ang ulat ng CHNA sa inyong mga network para lalo pang mabigyang-alam at maisulong ang ating komunidad habang tulung-tulong tayong humahakbang patungo sa maunlad, matatag, at kinabibilangan ng lahat na King County kung saan ang *lahat* ay may pantay na akses sa kalusugang sumusuporta sa kagalingan ng kanilang pangangatawan, pag-iisip, damdamin, at pakikipagkapwa.

Karagdagang impormasyon: kingcounty.gov/chip